# Pagtatanim at Pangangalaga sa Salita ng Diyos sa Ating Puso

## Pagtatanim ng binhi

Basahin ang Alma 32:21–23, 26–30, at markahan ang mga salita at parirala na tutulong sa iyo na maunawaan kung paano sisimulang palakihin ang patotoo.

Ibahagi sa iyong grupo ang mga salita at parirala na pinakanapansin mo at kung bakit. Pagkatapos ay talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "magbibigay-puwang" sa inyong puso para sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo?
- Ano ang maaaring maging dahilan para mahirapan ang mga tao na gawin ito?
- Ayon sa mga talata 28–30, ano ang maaaring mangyari kapag magbibigay-puwang tayo sa ating puso para kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo?

Magsulat ng buod na may isang pangungusap hinggil sa natutuhan mo mula sa mga talatang ito tungkol sa pag-aalaga sa iyong patotoo sa pagsisimula pa lang nito.

## Pangangalaga sa binhi

Itinuro ni Alma na ang pagtatanim ng binhi at pagtuklas na ito ay mabuti ay unang bahagi pa lang ng pagpapalaki ng patotoo. Basahin ang Alma 32:37–43, at maghanap ng mga turo na tutulong sa iyo na maunawaan kung paano ka makatutulong sa patuloy na paglaki ng patotoo.

Ibahagi sa iyong grupo ang mga salita at parirala na pinakanapansin mo at kung bakit. Pagkatapos ay talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga talata 38–40 tungkol sa mangyayari kung pababayaan natin ang salita ng Diyos na lumalaki sa ating puso?
- Ano ang ilang halimbawa kung paano mapapabayaan ng isang tao ang kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo?
- Ano ang ilang paraan na mapangangalagaan ninyo ang inyong patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo upang tulungan itong mas lumakas?

Magsulat ng buod na may isang pangungusap hinggil sa natutuhan mo mula sa mga talatang ito tungkol sa pagpapalakas ng patotoo na lumalaki na sa iyong puso.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_301-teacher_handout-1